
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN IV**



**MODYUL 17**

## MGA SULIRANIN, ISYU, AT PROGRAMANG PANGKAUNLARAN

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 17**

**MGA ISYU, SULIRANIN, AT PROGRAMANG PANGKAUNLARAN**

Ikaw ay nasa ika-18 modyul na. Sa puntong ito ay mayroon ka nang ganap na kaalaman sa mga batayang konsepto sa ekonomiks na maaari mong magamit upang maunawaan ang mga aspetong pangkaunlaran ng isang bansa. May matibay na paggagap ka na rin sa iba't ibang salik na kinakailangan upang umunlad ang isang bansa tulad ng Pilipinas.

Ang iyong kaalaman sa iba't ibang palatandaan ng pag-unlad mula sa nakaraang modyul magagamit mo upang masuri ang kalagayan ng Pilipinas sa modyul na ito.

Inaasahan sa modyul na ito ay masusuri mo ang iba't ibang isyu, suliranin, at mga programang pangkaunlaran na nararanasan ng Pilipinas at daigdig sa kasalukuyan.

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Suliranin sa Pag-unlad ng Pilipinas
- Aralin 2: Mga Programa sa Pag-unlad ng Pilipinas
- Aralin 3: Ang Pandaigdigang Programa sa Pag-unlad

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang mga suliranin sa pag-unlad ng Pilipinas;
2. Masusuri ang kahalagahan ng mga programa sa pag-unlad ng Pilipinas;
3. Mapahahalagahan ang pandaigdigang programa sa pag-unlad ng mga nagkakaisang-bansa;
4. Makapagbibigay ng alternatibo sa dapat na maging tunguhin ng Pilipinas sa pag-unlad; at

5. Makasusuri ng mga datos mula sa iba't ibang pag-aaral at makabubuo ng mga kongklusyong may kongkretong batayan.

Handa ka na ba? Una muna ay sagutin mo ang panimulang pagsusulit. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang tamang sagot.

1. Ang mga sumusunod ay maaring gamiting panukat upang malaman ang kahirapan ng isang bansa, maliban sa
   A. *peso purchasing power.*
   B. *cost of living.*
   C. *Gini co-efficient.*
   D. *Gross National Product.*

2. Alin ang pinakamaigting na problema ng Pilipinas?
   A. Kahirapan
   B. Kawalan ng trabaho
   C. Kawalan ng kapayapaan
   D. Katiwalian sa pamahalaan

3. Ang sumusunod ay dahilan ng kahirapan, maliban sa
   A. katiwalian sa pamahalaan
   B. kawalan ng kapayapaan.
   C. katamaran.
   D. maling programa.

4. Ang tawag sa programang pangkaunlaran ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ay:
   A. *10-Point Legacy*.
   B. Angat Pinoy.
   C. Pilipinas 2000.
   D. *Millenium Development Goals*.

5. Isa sa tunguhin ng *Millenium Development Goals* ay
   A. modernisasyon ng transportasyon.
   B. liberalisasyon.
   C. likas-kayang paggamit ng kalikasan.
   D. pribatisasyon.

6. Isa sa mga hangarin sa pag-unlad ni Pangulong Arroyo ay

A. pandagidigang pagtutulungan.
B. modernisasyon ng transportasyon na magkakabit sa mga pulo ng Pilipinas.
C. pagpapatawad ng utang panlabas.
D. pagsusulong ng karapatang pantao.

7. Ang *Millenium Development Goals* o MDGs ay itinakdang matatapos sa taong
   A. 2020.
   B. 2015.
   C. 2025.
   D. 2010.

8. Ang ahensiya na naatasang mangasiwa sa pagpapatupad ng MDGs ay ang
   A. UNESCO.
   B. UNICEF.
   C. UNDP.
   D. World Bank.

9. Ang sumusunod ay mga istratehiya ng pamahalaan upang matupad ang mga tunguhin ng MTPDP, maliban sa
   A. Malayang kalakalan.
   B. Pagbubuwis.
   C. Pribatisasyon.
   D. Edukasyon.

10. Ang *Medium Term Philippine Development Plan* o MTPDP ay nagsusulong ng aspetong pulitikal ng pag-unlad. Alin sa mga sumusunod ang kasama sa aspetong iyon?
    A. Good governance
    B. Pantay na karapatan ng babae at lalaki
    C. Modernisasyon
    D. Kawalan ng Korapsyon

II. Lagyan ng X ang tamang hanay kung ang programang pangkaunlaran ay nagpapakita ng katangian ng Growth-Oriented Development o Sustainable Development.


| **PROGRAMANG PANGKAUNLARAN** | **GROWTH-ORIENTED DEVELOPMENT** | **SUSTAINABLE HUMAN DEVELOPMENT** |
|---|---|---|
| 1. Paglikha ng 6 hanggang 10 milyong trabaho sa pamamagitan ng pagpapautang sa mga maliliit na negosyante at pagtatalaga ng 2 milyong hektaryang lupa para sa mga | | |

| | | |
|---|---|---|
| negosyong pang-agrikultural | | |
| 2. Edukasyon para sa lahat sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga paaralan, pagpapagawa ng silid-aralan, libreng pagpapaaral sa mga mahihirap na estudyante, at pagkakaroon ng aklat at kompyuter. | | |
| 3. Pagbabalanse sa pambansang badyet upang maiwasan ang sobrang gastusin. | | |
| 4. Pagpapaunlad sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng transportasyon na magkakabit-kabit sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas | | |
| 5. Paghahatid ng elektrisidad at tubig sa bawat barangay ng bansa | | |
| 6. Pagbabawas ng kasikipan sa Metro Manila sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga ahensiya ng pamahalaan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at pagpapatayo ng mga pabahay sa labas ng Metro Manila | | |
| 7. Modernisasyon ng Clark at Subic bilang sentro ng Asya | | |
| 8. Ang paggamit ng makina at awtomasyon ng botohan | | |
| 9. Pagpapatibay ng kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at mga rebeldeng grupo | | |
| 10. Pagpapahilom ng sugat na dulot ng hidwaan ng EDSA 1 at EDSA 2. | | |

**ARALIN 1**
**MGA SULIRANIN SA PAG-UNLAD NG PILIPINAS**



Sa araling ito ay tatalakayin ang iba't ibang suliranin sa pag-unlad na nararanasan ng Pilipinas. Ilalarawan dito ang mga suliranin ng bansa sa pagtatamo ng kaunlaran at tatalakayin kung paano naaapektuhan ng mga ito ang personal na buhay ng mga Pilipino. Sisikapin sa araling ito na matukoy ang ugat ng mga suliraning pangkaunlaran ng Pilipinas.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalarawan ang mga suliranin sa pag-unlad ng Pilipinas;
2. Maipaliliwanag kung paano nakaaapekto sa buhay ng mga Pilipino ang mga suliranin sa pag-unlad ng Pilipinas; at
3. Matutukoy ang ugat ng mga suliraning ito.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Ang mga sumusunod na datos ay nagpapakita ng kalagayang pang-ekonomiya ng Pilipinas. Gumawa ng isang pangungusap na naglalahad ng ipinapakita ng bawat datos. Buuin ang simula ng pangungusap at isulat sa patlang ang iyong sagot.

**Tsart A:**

| Indicator | Latest | Year-Ago | Previous |
|---|---|---|---|
| **GNP**<br>Growth Rate<br>(At Constant 1985 Prices) | 5.5%<br>4th Qtr 2004 | 4.8%<br>4th Qtr 2003 | 6.2%<br>3rd Qtr 2004<br>(revised) |
| | 6.1%<br>Annual 2004<br>(revised) | 5.6%<br>Annual 2003<br>(revised) | |

Ayon sa mga datos, ______________________________________________

## Tsart B:

| | | | |
|---|---|---|---|
| **GDP**<br>Growth Rate<br>(At Constant 1985 Prices) | 5.4%<br>4th Qtr 2004<br><br>6.1%<br>Annual 2004<br>(revised) | 5.0%<br>4th Qtr 2003<br><br>4.7%<br>Annual 2003<br>(revised) | 6.3%<br>3rd Qtr 2004 |

Ayon sa mga datos, ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## Tsart C:

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Exports** 1/ | US$ 3,281.7 million January 2005 /p | US$ 2,843.9 million January 2004 /r | US$ 3,267.5 million December 2004 /r |
| **Imports** 1/ | US$ 3,111.8 million January 2005 /p | US$ 3,179.5 million January 2004 /r | US$3,045.3 million December 2004 /r |
| **Trade Balance** | US$ 169.9 million January 2005 /p | US$ (335.6) million January 2004 /r | US$ 222.2 million December 2004 /r |
| **Balance of Payments** 2/ | US$ 44 million as of Sep 2004 | US$ (129) million as of Sep 2003 | US$ (407) million as of Jun 2004 |

Ayon sa mga datos, ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Tsart D:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **National government outstanding debt** | P 3,729.0 billion September 2004 | P 3,195.8 billion September 2003 | P 3,629.2 billion August 2004 |

Ayon sa mga datos, ____________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

**Tsart E:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Consumer Price Index** 2000=100 | 126.6 February 2005 | 116.7r February 2004 | 126.3 January 2005 |
| **Headline Inflation Rate** 2000=100 | 8.5 February 2005 | 4.0r February 2004 | 8.4 January 2005 |

Ayon sa mga datos, ____________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

**Tsart F:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Unemployment Rate** | 11.3% January 2005 /p | 11.0% January 2004 | 10.9% October 2004 |

Ayon sa mga datos, ____________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

**Tsart G:**

| | | |
|---|---|---|
| **Population Density** | 255 persons per sq. km. As of 01 May 2000 | 246 persons per sq. km. As of 01 Sept 1995 |
| **Population Growth Rate (exponential)** | 2.31% 1990-2000 | 2.33% 1980-1990 |

Ayon sa mga datos, ____________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Tsart H:**

| | | |
|---|---|---|
| **Projected Life Expectancies at Birth [2/]** | | |
| Males | 67.53 yrs. 2004 | 67.23 yrs. 2003 |
| Females | 72.78 yrs. 2004 | 72.48 yrs. 2003 |
| **Infant Mortality Rate [3/]** | 36 per 1,000 livebirths 1998 (official estimate) | 49 per 1,000 livebirths 1995 (official estimate) |

Ayon sa mga datos, ____________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Tsart I:**

| | | |
|---|---|---|
| **Simple Literacy Rate** | 93.9%<br>1994 | 89.9%<br>1991 |
| **Net Participation Rate** [4/] | | |
| Elementary | 90.29 %<br>SY 2002 - 2003 | 97.02 %<br>SY 2001 - 2002 |
| Secondary | 58.33 %<br>SY 2002 - 2003 | 73.44 %<br>SY 2001 - 2002 |

Ayon sa mga datos, ______________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Tsart J:**

| | | |
|---|---|---|
| **Average Annual Family Income** [5/] | P 148,616<br>2003 | P 145,121<br>2000 |
| **Average Annual Family Expenditures** [5/] | P 124,377<br>2003 | P 118,839<br>2000 |
| **Annual Per Capita Poverty Threshold** | P 12,267 p<br>2003 | P 11,451 r<br>2000 |
| **Poverty Incidence** | 24.7% p<br>of total families<br>2003<br><br>34.0% p<br>of population<br>2003 | 27.5% r<br>of total families<br>2000<br><br>30.4% r<br>of population<br>2000 |

Ayon sa mga datos, ______________________________________________

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

B. Mula sa mga datos na iyong sinuri, makapagbibigay ka kaya ng limang suliranin sa pag-unlad na kinakaharap ng Pilipinas sa ngayon? Subukan mo. Pagkatapos ay ikumpara mo ang iyong isinagot sa sumusunod na paliwanag.

1. ________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________
2. ________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________
3. ________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________
4. ________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________
5. ________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________

**Ang Mga Suliranin ng Pilipinas Bilang Papaunlad na Bansa**

Kung nakapagtala ka ng limang suliranin pangkaunlaran ng bansang Pilipinas, maaari mong suriin mula sa mga paliwanag sa ibaba kung tama ang iyong mga sagot. Sa sanaysay na ito, iniisa-isa ang matitinding suliranin ng bansa.

Kahirapan ang pinakamatinding suliranin ng ating bansa. Ayon sa National Statistical Coordination Board (NSCB), tinatayang 5.1 milyong pamilya o 30 milyong Pilipino ang tinuturing na mahirap. Sila ay kumakatawan sa 39% ng ating populasyon. Halos 1.5 milyong mahirap ang matatagpuan sa lugar na urban at 3.6 milyon naman ang nasa rural.

Ayon sa World Bank, noong taong 2001, 12.7% ng mga Pilipino ay nabubuhay lamang sa halagang mababa pa sa $1 isang araw. 45.9% naman ang nabubuhay sa halagang mas mababa pa sa $2 isang araw. Ang halagang ito ay maliit kung ikukumpara sa halaga ng pamumuhay. Noong 2004, tinatayang P492.19 isang araw ang halaga ng gastusin ng pamilyang may anim na katao. Ito ay mas mataas sa $1 o $2.

Ang kahirapan ng buhay sa Pilipinas ay maaaring maipakita ng puwang (*gap*) sa pagitan ng halaga ng pamumuhay (*cost of living*) at takdang pasahod (*minimum wage*). Noong 2004, tinatayang P492.19 isang araw ang halaga ng gastusin ng pamilyang may anim na katao habang ang takdang pasahod naman ay P301.00 lamang. Mas mababa ang kita kaysa sa gastusin. Ganito nararanasan ng Pilipino ang kahirapan. Bukod dito ay dapat ding isaalang-alang ang tinatawag na *peso purchasing power* o ang kakayahan ng piso sa pamilihan. Kung ikukumpara sa piso noong taong 1994, .54 sentimos lamang ang halaga ng piso sa kasalukuyan. Ibig sabihin, ang nabibili ng piso noong 1994 ay hindi na maaaring mabili ng piso sa kasalukuyan dahil lumiit ang halaga nito. Kailangang magbayad ng halos dalawang piso upang mabili ang dating nabibili ng piso noong 1994.

Bukod sa pagbaba ng piso, mababang pasahod, at tumataas na halaga ng pamumuhay, ang kawalan ng trabaho ay lalong nagpapaigting sa kahirapang nararanasan ng mga Pilipino. Tinatayang 13.9% o 10.8 milyon ng lakas paggawa ang walang trabaho. Halos 30.6% lamang ng ating populasyon ang nakakalahok sa ating ekonomiya bilang mga manggagawa.

Bukod sa mga nabanggit, ang kahirapan sa Pilipinas ay maaring mailarawan din sa pamamagitan ng mga sumusunod na datos:

1. 80% lamang ng mga Pilipino ang may malinis na tubig.

2. 86.1% lamang ang may palikuran.
3. 79% lamang ang may elektrisidad.
4. 76% lamang ang nagmamay-ari ng sariling bahay at lupa; 5 milyong tao ang nangangailangan ng permanenteng tirahan; at 3.4 milyon katao ang iskwater sa Metro Manila.
5. 16% ng populasyon ang hindi kumakain sa isang araw.
6. 20-34% ng populasyon ang hindi malusog o kulang sa tamang pagkain (*malnourished*).
7. 4 na milyong bata ang nagtatrabaho na dapat sana ay nagsisipag-aral.
8. 1.5 milyon ang batang lansangan.
9. Ika-apat ang Pilipinas sa mga bansang bumibili ng bigas sa ibang bansa sa kabila ng pagiging agrikultural ng ating ekonomiya.
10. 2.8 milyon ang hindi marunong bumasa at sumulat.

Ang kahirapan sa Pilipinas ay nararanasan din ng ilang sangay ng pamahalaan. 45% ng ating mga korte ay walang hukom. 22% ng posisyon ng mga abogado ng pamahalaan ay bakante. Ibig sabihin, mas mabagal ang hustisya dahil sa kakulangan ng mga taong dapat magbigay nito. Tinatayang anim sa sampung pulis at guro ay mahirap dahil sa mababang pasahod.


Maraming paliwanag kung bakit mahirap ang Pilipinas. Ang iba ay naniniwala na ang ating kahirapan ay resulta ng korapsyon o tiwaling pamamahala. P35 bilyon ang nawawala kada taon sa kaban ng bayan sa bawat proyektong pang-imprastraktura dahil sa korapsyon. Habang P21 bilyon naman ang nawawala sa korapsyon sa bawat binibili (*procurement*) ng pamahalaan. Tinatayang 20% ng badyet ng mga mambabatas ay nawawala bunga ng korapsyon. Dahil dito ang Pilipinas ay itinuturing na pang-apat sa pinaka-korapt na bansa sa Asya noong 2002.

Ngunit marami ang nagsasabi na hindi lamang ang korapsyon ang dahilan ng paghihirap ng Pilipinas. Ang hindi pagbabayad ng mga mamamayan ng tamang buwis ay isa rin sa dahilan. Ayon sa pag-aaral, ang Pilipinas ay nawalan ng $205 bilyon mula taong 1965 hanggang 2001 dahil sa hindi pagbabayad ng buwis ng mga korporasyon at ng mga indibidwal.

Ang patuloy na digmaan sa pagitan ng pamahalaan at ng mga partido komunista at mga kasapi ng mga grupong Muslim secessionist ay nagpapabutas din sa bulsa ng pamahalaan. Mayroong 25,000 na armadong rebelde sa Pilipinas. Tinatayang Php 100 bilyon ang nawala sa Pilipinas dahil sa mga rebelyong ito.

May mga sektor ng ating lipunan na nagsasabing ang pinakamatinding dahilan kung bakit mahirap ang Pilipinas ay dahil sa hindi makatarungang pagbabahagi ng yaman ng bansa. Sinasabing ang kita ng mga mayayaman sa Pilipinas ay 14 na beses na mas mataas kaysa sa kita ng mga pinakamahirap na Pilipino. Isa ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamalaking puwang sa pagitan nmg mahirap at mayaman. Ito ay pinatuyan ng pataas na *Gini Coefficient,* isang paraan ng pagsukat sa hindi wastong pagbabahagi ng yaman at kita sa isang bansa.

Anuman ang dahilan ng paghihirap ng Pilipinas, kinakailangan ng masusing pag-aaral sa mga programang pangkaunlaran na ipinapatupad ng pamahalaan upang maiwasto at maging lalong angkop sa sitwasyon ng mga Pilipinong hindi maaabot ng kaunlaran.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ikumpara mo ang iyong mga sagot sa limang suliranin sa panimulang gawain. Isulat sa patlang sa kanan ang iyong pagpapaliwanag kung ano ang dahilan kung bakit nakararanas tayo ng mga ganitong suliranin ayon sa tekstong iyong binasa:

| SULIRANIN | DAHILAN |
|---|---|
| 1. Pagtulong na pagdanas ng kahirapan ng nakakaraming Pilipino. | |
| 2. Kakapusan ng pondo ng pamahalaan. | |
| 3. Lumalaking puwang sa pagitan ng mahihirap at mayayaman. | |

| | |
|---|---|
| | |
| 4. Kakulangan sa edukasyon at kasanayan ng mga yamang-tao. | |
| 5. Hindi magandang kalagayang pangkalusugan ng mga mamamayan. | |



**Tandaan Mo!**

- Kahirapan ang pinakamatinding suliraning pangkaunlaran ng Pilipinas.
- Ang kahirapan ay hindi lamang kakulangan sa pagkain. Ito rin ay kakulangan o kasalatan sa iba't ibang aspeto ng buhay na dapat tamasahin ng tao tulad ng edukasyon, kalusugan, pabahay, hustisya, at iba pa.
- Naipapaliwanag ng mga ekonomista ang mga palatandaan ng kahirapan sa pamamagitan ng pagsusuri ng kalagayan ng piso sa pamilihan (*peso purchasing power*), pagtaas ng halaga ng mga bilihin (*inflation*), at pagtaas ng halaga ng pamumuhay (*cost of living*).



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Magbigay ng limang personal na karanasan o suliranin ng iyong pamilya na nagpapakita kung paano ka naaapektuhan ng limang suliranin na iyong tinukoy sa unang gawain. Ilista ,o ang limang mga pangunahing suliranin ng bansa sa kanan at ang kaugnaw na karanasan ng iyong pamilya o sarili.

| SULIRANIN | KAUGNAY NA KARANASAN |
| --- | --- |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

B. Magbigay ng tatlong suliranin sa pag-unlad at dahilan nito na hindi pinakita ng mga datos sa panimulang gawain na sa iyong palagay ay mahalagang malaman at mapag-aralan. Ipakita sa gurong tagapamatnubay ang iyong kasagutan.


| SULIRANIN | DAHILAN |
| --- | --- |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

**ARALIN 2**
**MGA PROGRAMA SA PAG-UNLAD NG PILIPINAS**



Sa Aralin 1 ay tinalakay ang mga suliraning pangkaunlaran sa Pilipinas.sisikapin ng araling ito na suriin kung paano nagsasagawa ng hakbang ang pamahalaan upang magkaroon ng solusyon ang mga suliraning nagiging balakid sa pagtatamo ng kaunlaran.

Ang araling ito ay tumatalakay sa mga programa sa pag-unlad na ipinatutupad ng ating pamahalaan. Ilalarawan ang mga programang ito at susuriin kung ang mga ito ay tumutugon sa mga suliraning pangkaunlaran.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang mga programang pangkaunlaran sa Pilipinas;
2. Maiuugnay ang mga programa sa mga suliraning kinahaharap ng bansa;
3. Masusuri kung anong oryentasyon ng pag-unlad ang isinusulong ng pamahalaan; at
4. Matatalakay ang sariling mungkahi hinggil sa programang makakatulong sa paglutas ng mga suliraning pangkaunlaran.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Noong Hunyo 30, 2005 pinasinayaan si Pangulong Gloria Macapagal Arroyo bilang bagong halal na pangulo ng Pilipinas. Sa kanyang talumpati, inilunsad niya ang kanyang programang pangkaunlaran na naglalaman ng sampung kaisipan. Iyong suriin kung anong suliraning pangkaunlaran ang tinutugunan ng bawat kaisipang pangkaunlaran na nakasaad sa programa ng pangulo.

| PROGRAMANG PANGKAUNLARAN | SULIRANING TINUTUGUNAN |
| --- | --- |
| 1. Paglikha ng 6 hanggang 10 milyong trabaho sa pamamagitan ng pagpapautang sa mga maliliit na negosyante at pagtatalaga ng 2 milyong hektaryang lupa para sa mga negosyong pang-agrikultural | 1. |
| 2. Edukasyon para sa lahat sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga paaralan, pagpapagawa ng silid-aralan, libreng pagpapaaral sa mga mahihirap na estudyante, at pagkakaroon ng aklat at kompyuter. | 2. |
| 3. Pagbabalanse sa pambansang badyet upang maiwasan ang sobrang gastusin. | 3. |
| 4. Pagpapaunlad sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng transportasyon na magkakabit-kabit sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas | 4. |
| 5. Paghahatid ng elektrisidad at tubig sa bawat barangay ng bansa | 5. |
| 6. Pagbabawas ng kasikipan sa Metro Manila sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga ahensiya ng pamahalaan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at pagpapatayo ng mga pabahay sa labas ng Metro Manila | 6. |
| 7. Modernisasyon ng Clark at Subic bilang sentro ng Asya | 7. |

| | |
|---|---|
| 8. Ang paggamit ng makina at awtomasyon ng botohan | 8. |
| 9. Pagpapatibay ng kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at mga rebeldeng grupo | 9. |
| 10. Pagpapahilom ng sugat na dulot ng hidwaan ng EDSA 1 at EDSA 2. | 10. |

**Mga Layunin at Programang Pangkaunlaran ng Pamahalaan**

Ang bawat pangulo ng bansa ay bumubuo ng magandang planong pangkaunlaran na kanilang ipinatutupad sa panahon ng kanilang termino. Halimbawa, si Pangulong Fidel V. Ramos ang nagbalak ng programang Pilipinas 2000 bilang kanyang MediumTerm Development Plan ng Pilipinas sa taong 1992-1998. Si Pangulong Joseph Estrada naman ang naglunsad ng Angat Pinoy bilang Medium Term Development Plan, 1998-2004. Samantalang si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ay naglunasad ng 10-Point Legacy bilang Medium Term Philippine Development Plan ng pamahalaan para sa taong 2004-2010.

**Medium Term Philippine Development Plan o MTPDP**

Tinatawag na Medium Term Development Plan ang mga pangmatagalang programa ng pamahalaan para sa kaunlaran. Sinasakop sa plano ang panahon ng termino ng Pangulo ng Pilipinas kayat ang MTPDP ay para sa anim na taon.

Ang MTPDP 2004-2010 ay may sumusunod na nilalaman:

Ang kaunlaran sa ilalim ng MTPDP ay may limang bahagi:

1. Pagpalago ng ekonomiya at paglikha ng trabaho.
2. Pagsisiguro at pagiging episyente ng enerhiyang kakailanganin.
3. Pagtataguyod ng katarungang panlipunan.

4. Pagkakaroon ng edukasyon at oportunidad para sa mga kabataan.
5. Paglaban sa korapsyon at pagkakaroon ng mabuting pamamahala.
6. Pagahahatid ng mga pangunahing pangangailangan sa lahat ng mamamayan gaya ng pagkain, gamot, at bahay.


Sa loob ng anim na taon, nilalayon ng MTPDP na:

1. Makalikha ng 10 milyong trabaho.
2. Mapalawak ng tatlong beses ang pautang sa mga maliliit na negosyante.
3. Makapagpatayo ng 3,000 na silid aralan, makapaglagay ng mga kompyuter sa bawat paaralan, at magbigay ng iskolarsyip sa mga mahihirap ngunit matatalinong estudyante.
4. Mabigyan ng elektrisidad ang 1,500 na barangay sa pinakamurang halaga sa Asya.
5. Magkaroon ng malinis na tubig sa 45,000 na barangay.
6. Pababain ng 50% ang halaga ng mga gamot na madalas gamitin.
7. Magkaroon ng paglago ng pambansang kita ng 7% o higit pa sa loob ng anim na taon.
8. Ibaba ang dami ng mahirap mula 34% upang maging 17% na lamang.
9. Palakihin ang investment mula 19% ng GDP upang maging 28% sa loob ng dalawang taon.
10. Pataasin ang export mula $38 bilyon upang maging $50 bilyon sa loob ng dalawang taon.
11. Paunlarin ang 2 milyong hektaryang lupa para sa agri-business.

Upang maisakatuparan ang mga layunin at proyekto ng MTPDP, ang pamahalaan ay magsasagawa ng mga sumusunod na hakbang:

1. Ibabatay ang gastusin ng pamahalaan sa kanyang kita. Babawasan ang tinatawag na *fiscal deficit* o ang pagkakaroon ng mas mataas ng gastsuin kaysa kita ng pamahalaan.
2. Pag-iibayuhin ang paniningil ng buwis.

3. Kailangang palakihin ang produksyon ng bigas upang hindi na umangkat sa ibang bansa.
4. Magpapagawa ng mga kalsada at tulay na magdudugtong sa watak-watak na bahagi ng Pilipinas upang mapabilis ang daloy ng transportasyon ng mga produkto at tao.
5. Isasapribado ang ilang negosyo ng pamahalaan sa elektrisidad upang aming episyente ang koleksyon ng kita.
6. Gagawing episyente ang kumpetisyon ng mga negosyo.
7. Maghihikayat ng mga inbestor o mamumuhunan.
8. Pagiibayuhin ang pagmimina at turismo sa bansa.
9. Pagbibigay-diin sa mga pangangilangan ng mga bata at ina.
10. Paghikayat sa mga lokal na pamahalaan na maging aktibo sa mga serbisyong panlipunan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Balikan mo ang napag-aralan mo sa modyul 17. Aling bahagi ng MTPDP ang masasabi mong *Growth-Oriented Development* at alin ang sumusunod sa mga prinsipyo ng *Sustainable Human Development*? Isulat ang iyong sagot sa tsart.

| GROWTH-ORIENTED DEVELOPMENT | SUSTAINABLE DEVELOPMENT |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |

| | |
|---|---|
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

B. Ano ang pangkalahatang pananaw sa kaunlaran ng ating pamahalaan? Ipaliwanag ang iyong sagot sa patlang.

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Bawat pangulo ng bansa ay may itinataguyod na planong pangkaunlaran sa buong panahon ng kanilang termino. Ito ay tinatawag na *Medium Term Philippine Development Plan* o MTPDP.
- Ang mga planong ito ay naglalaman ng mga layunin at programang pangkaunlaran na inaasahang matutupad bago pa man matapos ang kanilang termino.
- Ang modelong *growth-oriented development* ay nakatuon sa pagpaparami ng produksyon at pagtaas ng pambansang kita. Samantala, sa modelong *sustainable development* ang mga sukatan ng kaunlaran ay ang kapakanan at kagaligang pang-edukasyon, pangkalusugan, pangkatarungan at pagtaas ng kalidad ng pamumuhay kasama na ang pagtaas ng kita at produksyon. Kumbinasyon ng *growth-oriented* at *sustainable development* ang ginagamit na prinsipyo o pananaw ng kasalukuyang administrasyon o pamahalaan. Ngunit kung susuriing mabuti, mas sinusunod ang *growth-oriented* na modelo para sa pagpapaunlad ng bansa.

.



**Gawain 3: Paglalapat**

Magbigay ng limang suliranin na kinakaharap ng bansa. Isulat sa Hanay A ang iyong sagot. Isulat sa Hanay B kung anong bahagi ng MTPDP ang tumutugon sa mga suliraning naitala. Kung ang suliranin ay hindi natutugunan ng MTPDP, isulat sa Hanay C ang iyong maimumungkahing programang dapat gawin ng pamahalaan. Ikonsulta ang iyong sagot sa gurong tagapamatnubay.


| **HANAY A**<br><br>**SULIRANIN** | **HANAY B**<br><br>**TUGON NG MTPDP** | **HANAY C**<br><br>**SARILING MUNGKAHING PROGRAMA** |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

**ARALIN 3**
**ANG PANDAIGDIGANG PROGRAMA SA PAG-UNLAD**



Ang mga nagkakaisang bansa o UN ay sama-samang nagtataguyod ng mga pandaigdigang programa para sa kaunlaran ng mga bansa na isakatuparan ang pagtataguyod ng kaunlaran. May mga tulong na pinansiyal din na inilalaan para sa mga bansang mahihirap.

Ang araling ito ay tumatalakay sa pandaigididigang programa sa pag-unlad na sinusuportahan at ipinapatupad ng pamahalaan ng Pilipinas. Ilalarawan sa araling ito ang mga programang iyan at susuriin kung ano ang naging resulta ng mga ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang kahulugan at mga layunin ng *Millenium Development Goals* o MDGs;
2. Masusukat ang naging resulta sa Pilipinas ng MDGs; at
3. Mapahahalagahan ang pandaigdigang programa sa pag-unlad.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang sumusunod ay mga datos na naghahambing sa Pilipinas at sa ibang bansa. Suriin ang mga datos na nakatala. Isulat sa patlang ang kaisipang ipinapakita ng mga datos..

**Tsart Bilang 1**

| **Variable** | **Philippines** | **Asia Regional Average** |
|---|---:|---:|
| *GNI per capita* **(Kita ng bawat tao)** (US$) | 1,080 | 4,156 |
| *Informal economy* (% GNI, 2003) | 43.4 | 24.3 |
| *Population* (*millions*) | 81.50 | 82.5 |

Sagot: ____________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

**Tsart Bilang 2**

| **Indicator**<br>**Sa Pagbubukas ng Negosyo** | **Philippines** | **Asia Regional Average** |
|---|---|---|
| *Number of procedures* (dami ng pagdadaanan bago makapagbukas ng negosyo) | 11 | 8 |
| *Time* (*days*) (haba ng araw) | 50 | 51 |
| *Cost* (*% of income per capita*) (Gastusin) | 19.5 | 47.1 |

Sagot: ____________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

**Tsart Bilang 3**

| Indicator | Philippines | Asia Regional Average |
|---|---|---|
| *Difficulty of Hiring Index* (Hirap sa pagkuha ng empleyado) | 22 | 20.6 |
| *Difficulty of Firing Index* (hirap sa pagpapatanggal ng empleyado) | 40 | 22.7 |

Sagot: ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**Tsart Bilang 4**

TRANSPARENCY RANKING (KORAPSYON)

(Ang bansang may mas mataas na numero o ranking ay mas korap.)

| BANSA | RANKING |
|---|---|
| BANGLADESH | 133 |
| BURMA | 129 |
| INDONESIA | 122 |
| PHILIPPINES | 92 |
| THAILAND | 70 |

Sagot: ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

**Tsart Bilang 5**

HUMAN DEVELOPMENT INDEX RANKING (ANTAS NG KAGALINGANG PANTAO)

| BANSA | RANKING |
|---|---|
| BURMA | 131 |
| INDONESIA | 111 |
| PHILIPPINES | 83 |
| SINGAPORE | 25 |
| THAILAND | 76 |

Sagot: ____________________________________________

**Ang Millenium Development Goals Bilang Pandaigdigcang Programa**

Napansin mo marahil sa mga datos na iyong sinuri na nagsasagawa ng paghahambing ng mga bansa hinggil sa kalagayang pangkaunlaran. Sinisikap ng mga bansa sa daigdig na maiangat ang kalidad at antas ng pamumuhay ng lahat ng bansa, lalung-lalo na ang pinakamahihirap na bansa. Upang matamo ang layuning ito may mga sukatan o batayan ang kaunlaran. Hangad ng bawat bansa na sundin ang mga sukatang iyan.


Noong Setyembre, 2000 ay nagpulong-pulong ang humigit kumulang sa 200 pinuno ng mga nagkakaisang bansa o UN bansa upang sama-samang bigyan ng solusyon ang kahirapan at kawalan ng pag-unlad ng maraming mga bansa sa daigdig. Ang mga sukatan at solusyon sa pagpapaunlad ng mga bansa ay di lamang nakatuon sa pagpapalago ng kita ng ekonomiya. Sinusunod na modelo o prinsipyo ang *sustainable development*. Ang mga pinuno ng UN ay nangako na mula 1990 hanggang 2015 ay isusulong nila ang walong layunin o tunguhin ng pag-unlad na kanilang napagkaisahan. Napagkasunduan ding maglalaan ang mga bansa ng kaukulang badyet upang matupad ang walong tunguhing ito ng pag-unlad na tinatawag na *Millenium Development Goals* (MDGs). Ang mga mahihirap na bansa ay tutulungan ng mamamayang bansa.

Ang walong tunguhin ng *Millenium Development Goals* o MDGs ay ang mga sumusunod:

1. Sa pagdating ng 2015 ay dapat mangalahati na lamang ang dami ng mga taong kumikita o nabubuhay sa halagang isang dolyar sa isang araw.
2. Ang lahat ng kabataan ay nasa paaralan at nakapagtapos ng primaryang edukasyon.
3. Ipatupad ang pagkakapantay-pantay ng karapatan ng babae at lalake.
4. Bawasan ng 2/3 ang bilang ng mga namamatay na bata na may edad lima pababa.
5. Bawasan ng 3/4 ang bilang ng mga kababaihang namamatay sa panganganak.
6. Sugpuin ang pagkalat ng HIV/AIDS, *malaria*, at *tuberculosis*.
7. Siguruhin ang likas kayang paggamit ng kalikasan.
8. Linangin at palakasin ang pandaigdigang pagtutulungan upang makamit ang pag-unlad sa pamamagitan ng kalakalan, pagpapatawad sa mga utang ng mga bansa, at tulong pinansyal ng mga mayayamang bansa sa mga mahihirap na bansa.

Ang bawat bansa ay tinatakdaang magbigay ng kanilang ulat taun-taon sa *United Nations Development Program* o UNDP tungkol sa nakakamit na progreso ng bawat isa

batay sa walong tunguhingnakatal sa itaas. Ang UNDP ang siyang nangangasiwa ng mga proyektong pangkaunlaran gaya ng MDG.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang sumusunod na datos ay nagpapakita ng progreso ng Pilipinas batay sa *Millenium Development Goals*. Isulat sa patlang ang kaisipang nais ipakita ng mga datos. Patungo ba tayo sa pag-unlad batay sa MDGs?

## Goal 1: Pagsugpo sa Matinding Kahirapan at Kagutuman

**Porseyento ng Populasyon na Mahirap**

| 1991 | 1994 | 1997 | 2000 | 2003p |
|---|---|---|---|---|
| 45.3 | 40.6 | 33.0 | 34.0 | 30.4 |
| Pinagkunan: National Statistical Coordination Board (NSCB)<br><br>p: Preliminary as of 4 Feb. 2005 | | | | |

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Porsyento/Dami ng Bata Edad Lima Pababa na Kulang sa Timbang**

| | 1990 | 1992 | 1993 | 1996 | 1998 | 2001 | 2003 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 0-5 YEARS OLD | | | | | | | |
| Underweight (Kulang sa timbang) | 34.5 | 34 | 29.9 | 30.8 | 32.0 | 30.6 | 27.6 |
| Pinagkunan: Food and Nutrition Research Institute (FNRI) - National Nutrition Survey | | | | | | | |

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Goal 2 : Pagkakaroon ng Primaryang Edukasyon ng Lahat**

**Porsyento ng Mag-aaral na Pumasok ng Unang Baitang na Nakarating sa Ika-anim na Baitang (*Cohort Survival Rate**)**

| 1990 | 1991 | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 69.7 | 68.7 | 68.4 | 67.5 | 66.5 | 67.2 | 68.0 | 68.6 | 69.8 | 69.5 | 67.2 | 67.1 | 69.8 |

Pinagkunan: Department of Education

*Ito ay tumutukoy sa bilang ng mga pumasok simula sa unang baitang at nakatapos ng Ikaanim o huling baitang as elementarya.

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Dami ng Marunong Bumasa at Sumulat / *Literacy Rate*, Edas 15-24 na Taon**

| | 1990 | 1994 | 2000 | 2003 |
|---|---|---|---|---|
| Both Sexes | 96.6 | 97.3 | 95.1 | 93.9 |
| Male | 96.3 | 96.6 | 94.5 | 93.2 |
| Female | 96.9 | 98.1 | 95.7 | 94.6 |
| Pinagkunan: National Statistics Office<br>1990 and 2000 data: Census of Population and Housing;<br>1994 data: Functional Literacy, Education and Mass Media Survey (FLEMMS) | | | | |

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Goal 3 : Pagkakapantay-Pantay ng Babae at Lalaki

**Dami ng Babaeng Manggagawa sa Non-Agricultural Sector**

| | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 39.0 | 39.7 | 41.0 | 41.3 | 41.1 | 41.0 | 42.1 | 41.2 |
| Pinagkunan: National Statistics Office - Labor Force Survey | | | | | | | | |

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Porsyento / Dami ng Babaeng Mambabatas (%)**

**(*Senate and House of Representatives of the Philippines*)**

| | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 | 2004 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Total | | 12.3 | | | 17.3 | 17.4 | 17.4 | 17.6 |
| Senate | 16.7 | 13.0 | 13.6 | 13.6 | 12.5 | 13.0 | 13.6 | 16.7 |
| House of Representatives | | 12.3 | | | 17.8 | 17.8 | 17.8 | 17.7 |
| Pinagkunan: Senate and House of Representatives of the Philippines | | | | | | | | |

Sagot: ____________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## Goal 4: Pagbaba ng Dami ng mga Batang Namamatay sa Edad Lima Pababa

**Under-Five Mortality Rate (per 1,000 Live Births)**

**Dami ng Batang May Edad Lima Pababa na Namamatay sa Bawat 1,000 na Ipinanganganak**

| 1990 | 1991 | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1998 | 2003 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 80 | 77 | 74 | 72 | 69 | 67 | 48 | 40p |
| Pinagkunan: National Statistics Office - 1998 and 2003 data: National Demographic and Health Survey; 1990 to 1995 data: TWG on Maternal and Child Mortality-National Statistical Coordination Board | | | | | | | |

Sagot: ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Infant Mortality Rate (per 1,000 Live Births)**

**Dami ng Namamatay na Batang Bagong Panganak**

| 1990 | 1991 | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1998 | 2003 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 57 | 55 | 54 | 52 | 50 | 49 | 35 | 29p |

Pinagkunan: National Statistics Office - 1998 and 2003 data: National Demographic and Health Survey; 1990 to 1995 data: TWG on Maternal and Child Mortality-National Statistical Coordination Board

Sagot: ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

## Goal 5 : Pagbabawas ng mga Babaeng Namamatay sa Panganganak

**Maternal Mortality Ratio(per 100,000 Live Births)**

**Dami ng Babaeng Namamatay sa Panganganak sa Bawat 1,000**

| 1990 | 1991 | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1998 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 209 | 203 | 197 | 191 | 186 | 180 | 172 |

Pinagkunan: National Statistics Office - 1998 data: National Demographic and Health Survey; 1990 to 1995 data: TWG on Maternal and Child Mortality-National Statistical Coordination Board

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

**Porsyento / Dami ng Panganganak na Tinulungan ng *Skilled Health Personnel* (%)**

| 1990 | 1991 | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 58.8 | 59.7 | 59.4 | 60.0 | 60.9 | 62.7 | 64.1 | 65.0 | 69.2 | 69.5 | 69.0 | 69.1 |

Pinagkunan: Department of Health
National Epidemiology Center/Philippine Health Statistics
(excludes traditional midwives)

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

## Goal 6 : Pagkusa sa HIV / AIDS, Malaria at iba pang Sakit

**Dami ng Pupolasyon na Gumagamit ng Condom (%)**

| 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1.0 | ... | 1.1 | 1.6 | 1.7 | 1.6 | 1.7 | 1.3 | 1.7 | 1.6 | 1.9 |

Pinagkunan: National Statistics Office
1993 and 1998 data: National Demographic and Health Survey;
1995 to 1997 and 1999 to 2002 data: Family Planning Survey

Sagot: ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Posryento ng mga Patay sa Malaria**

| | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Prevalence | 73.9 | 85.4 | 88.5 | 95.8 | 96.8 | 96.1 | 91.2 | 66.6 | 52.0 | 50.3 |
| Death Rates | 1.2 | 1.1 | 0.9 | 0.8 | 0.7 | 0.8 | … | … | … | … |
| Pinagkunan: Department of Health - National Epidemiology Center/Field Health Service Information System (FHSIS) for death rates and Philippine Health Statistics for prevalence rates | | | | | | | | | | |

Sagot: ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

**Porsyento ng mga Patay na Namatay sa Tuberculosis**

| | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2Prevalence | 237.4 | 247.3 | 189.5 | 231.3 | 238.0 | 205.7 | 204.3 | 174.6 | 157.6 | 143.7 |
| Death Rates | 36.6 | 39.7 | 39.4 | 39.1 | 36.4 | 37.4 | … | … | … | … |
| Pinagkunan: Department of Health - National Epidemiology Center/Field Health Service Information System (FHSIS) for death rates and Philippine Health Statistics for prevalence rates | | | | | | | | | | |

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

## Goal 7 : Pagpapanatili ng Kalikasan

**Porsyento ng Lupa na Mayroon pang Kagubatan (%)**

| 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 19.7 | 19.3 | 19.0 | 18.6 | 18.3 | 18.0 | ... | ... | ... | ... | ... | 23.9 |

Pinagkunan: Forest Management Bureau, Department of Environment and Natural Resources

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

**Dami ng Tonelada ng Paggamit ng mga Kemikal na may CFC na Nakasira ng Ozone Layer**

| | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| TOTAL | 3520 | 3779 | 3959 | 3382 | 3039 | 2747 | 2130 | 2088 | 2905 | 2049 | 1644 | * |

Source: Environmental Management Bureau-Department of Environment and Natural Resources

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

## Goal 8 : Paglinang ng *Global Partnership* Para sa Pag-unlad

**Debt Service Burden as Percentage of Goods and Services**

| | 1992 | 1993 | 1994 | 1995 | 1996 | 1997 | 1998 | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| DSB | 17.0 | 17.1 | 17.4 | 15.8 | 12.7 | 11.6 | 11.7 | 14.1 | 12.4 | 15.8 | 16.4 | 17.2 |
| Source: Bangko Sentral ng Pilipinas - Selected Philippine Economic Indicators | | | | | | | | | | | | |

Sagot: ______________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang *Milennium Development Goals* ay isang pandaigdigang programang pangkaunlaran na naglalayong iangat ang kalidad at antas ng pamumuhay ng mga tao sa lahat ng bansa sa daigdig.
- Ang pag-unlad ng mga bansa ay isang isyu na sama samang tinutugunan ng mga bansa sa pamumuno ng *United Nations Development Program*.Ang MDGs ay sinusunod ng Pilipinas bilang batayan ng mga programa pangkaunlaran ng pamahalaan.
- Ang MDGs ay isang konretong pagsukat sa pag-unlad ng mga bansa, hindi lamang sa pagpapalaki ng kita at produksyon kundi ang pagsisiguro ng pag-angat ng kalidad at antas ng pamumuhay batay sa prinsipyo ng *sustained development*.



**Gawain 3: Paglalapat**

Mula sa mga kaisipang nabuo mo mula sa mga datos sa iba't ibang tsart, bigyan mo ng grado ang Pilipinas sa antas ng kanyang progreso sa pagkakamit ng mga tunguhin ng MDGs. Ang 0 ang pinakamababa at 10 ang pinakamataas.

Bilugan mo ang sumusunod na panukat at ipaliwanag ang iyong sagot. Isangguni sa gurong tagapatnubay ang iyong kasagutan

0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

Pinakamababa — Pinakamataas

**Paliwanag:**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Kahirapan ang pangunahing suliranin sa pag-unlad ng ating bansa.
- Maraming mga kadahilanan kung bakit mahirap ang ating bansa. Iba-iba ang pananaw ng mga awtoridad dito. Ang hindi pantay na distribusyon ng yaman ng bansa, kawalan ng kapayapaan, at korapsyon sa pamahalaan ang mga pangunahing dahilan.
- Bawat mga pinuno ng ating bansa ay nagbuo ng mga planong pang-kaunlaran na kanilang batayan ng mga programa sa panahon ng kanilang termino. Rinatawag itong *Medium Term Philippine Development Plan* o MTPDP.
- *Growth-oriented development* pa rin ang kadalasang pananaw ng mga pinuno ng pamahalaan sa pag-unlad.
- Maliban sa pambansang plano sa pag-unlad, ang *United Nations Development Program* ay nangangasiwa sa pandaigdigang plano para sa kaunlaran na tinatawag na *Millenium Development Goals*. Ang mga planong ito ay naglalayong matugunan ang mga suliraning humahadlang sa kaunlaran ng lahat ng bansa sa daigdig.



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Suriin ang mga sumusunod na datos. Sagutin ang mga tanong. Bilugan ang tamang sagot.

**PINAKAMAHIRAP NA LALAWIGAN SA PILIPINAS**

| Province | 1997 | 2000 | Inc/Dec (%) | Rank `97 | Rank `00 |
|---|---|---|---|---|---|
| Sulu | 67.1 | 63.2 | -3.9 | 1 | 1 |
| Masbate | 61.4 | 62.8 | 1.4 | 2 | 2 |
| Tawi-Tawi | 35.0 | 56.5 | 21.5 | 40 | 3 |
| Ifugao | 57.7 | 55.6 | -2.1 | 4 | 4 |
| Romblon | 52.8 | 55.2 | 2.4 | 8 | 5 |
| Maguindanao | 41.6 | 55.1 | 13.5 | 27 | 6 |
| Lanao del Sur | 55.6 | 55.0 | -0.6 | 7 | 7 |
| Sultan Kudarat | 36.6 | 54.3 | 17.7 | 38 | 8 |
| Camiguin | 32.5 | 53.1 | 20.6 | 49 | 9 |
| Camarines Norte | 49.7 | 52.7 | 3.0 | 10 | 10 |

1. Ang pinakamahirap na lalawigan sa Pilipinas ay
   A. Masbate.
   B. Sulu.
   C. Tawi-Tawi.
   D. Ifugao.

2. Ang rehiyon na may pinakamaraming mahirap na lalawigan ay
   A. Luzon.
   B. Visayas.
   C. Mindanao.
   D. Metro Manila.

3. Ang lalawigang may pinakamaraming mahirap na naidagdag noong 2000 kumpara ng 1997 ay
   A. Tawi-Tawi.
   B. Camiguin.
   C. Maguindanao.

D. Sultan Kudarat.

4. Ang lalawigang may pinakalaking nabawas na dami ng mahirap noong 2000 kumpara ng 1997 ay
   A. Masbate.
   B. Ifugao.
   C. Sulu.
   D. Lanao del Sur.

**MGA LALAWIGANG MAY PINAKAKAUNTING MAHIRAP 2000**

| Province | 1997 | 2000 | Inc/Dec (%) | Rank '97 | Rank '00 |
|---|---|---|---|---|---|
| 2nd District, NCR | 4.5 | 4.1 | -0.3 | 81 | 81 |
| 4th District, NCR | 4.6 | 4.9 | 0.3 | 79 | 80 |
| Bulacan | 8.3 | 5.4 | -2.9 | 73 | 79 |
| Manila | 5.7 | 5.8 | 0.1 | 78 | 78 |
| Batanes | 8.7 | 7.5 | -1.2 | 72 | 77 |
| Rizal | 8.3 | 8 | -0.2 | 74 | 76 |
| Laguna | 12.3 | 8.6 | -3.7 | 71 | 75 |
| 3rd District, NCR | 4.6 | 9 | 4.4 | 80 | 74 |
| Bataan | 7.7 | 9.9 | 2.3 | 76 | 73 |
| Cavite | 8 | 10.2 | 2.1 | 75 | 72 |

5. Aling lalawigan ang may pinakakaunting mahirap noong 2000?
   A. $2^{nd}$ District, NCR.
   B. $4^{th}$ District, NCR.
   C. Batanes.
   D. Laguna.

6. Saang rehiyon matatagpuan ang mga lalawigang maituturing na mayaman sa Pilipinas?
   A. Mindanao.
   B. Luzon.
   C. Visayas.
   D. Metro Manila.

| Region | Annual Per Capita Poverty Threshold (in Pesos) | | | Poverty Incidence of Families (%) | | | Poverty Incidence of Population (%) | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 2000 Revised | 2003 | Inc/Dec (%) | 2000 Revised | 2003 | Diff | 2000 Revised | 2003 | Diff |
| **PHILIPPINES** | 11,451 | 12,267 | 7.1 | 27.5 | 24.7 | (2.7) | 33.0 | 30.4 | (2.5) |
| **NCR** | 15,693 | 16,796 | 7.0 | 5.7 | 5.0 | (0.7) | 7.6 | 7.3 | (0.3) |
| **Region I** | 12,685 | 13,276 | 4.7 | 29.4 | 24.4 | (5.0) | 35.1 | 30.2 | (5.0) |
| **Region II** | 11,128 | 11,409 | 2.5 | 25.2 | 19.3 | (5.9) | 30.4 | 24.5 | (5.9) |
| **Region III** | 13,760 | 14,342 | 4.2 | 17.3 | 13.7 | (3.6) | 21.4 | 17.7 | (3.6) |
| **Region IV-A** (CALABARZON) | 13,657 | 14,616 | 7.0 | 15.2 | 14.9 | (0.4) | 19.1 | 18.8 | (0.3) |
| **Region IV-B** (MIMAROPA) | 11,995 | 12,406 | 3.4 | 36.3 | 39.7 | 3.4 | 45.2 | 47.9 | 2.7 |
| **Region V** | 11,372 | 12,354 | 8.6 | 45.3 | 40.5 | (4.8) | 52.6 | 48.4 | (4.2) |
| **Region VI** | 11,313 | 12,275 | 8.5 | 36.6 | 31.3 | (5.3) | 44.4 | 39.1 | (5.3) |
| **Region VII** | 9,656 | 9,779 | 1.3 | 31.5 | 23.7 | (7.8) | 36.2 | 28.4 | (7.7) |
| **Region VIII** | 9,518 | 10,802 | 13.5 | 37.5 | 35.5 | (1.9) | 45.1 | 43.3 | (1.8) |
| **Region IX** | 9,116 | 10,414 | 14.2 | 38.5 | 44.1 | 5.6 | 44.8 | 49.4 | 4.6 |
| **Region X** | 10,503 | 11,609 | 10.5 | 37.9 | 37.9 | 0.0 | 43.8 | 44.3 | 0.6 |
| **Region XI** | 10,264 | 11,276 | 9.9 | 27.7 | 28.1 | 0.4 | 33.1 | 34.4 | 1.3 |
| **Region XII** | 10,466 | 11,303 | 8.0 | 40.7 | 32.0 | (8.7) | 46.8 | 38.4 | (8.4) |
| **CAR** | 13,066 | 13,976 | 7.0 | 30.7 | 24.8 | (5.9) | 37.6 | 31.2 | (6.4) |
| **ARMM** | 12,192 | 12,739 | 4.5 | 53.7 | 45.7 | (8.0) | 59.8 | 53.1 | (6.7) |
| **Caraga** | 10,896 | 12,000 | 10.1 | 43.7 | 47.3 | 3.6 | 50.9 | 54.2 | 3.3 |

7. Aling rehiyon sa Pilipinas ang maituturing na pinakamahirap?
   A. ARMM.
   B. Region IX.
   C. Region V.
   D. CARAGA.

8. Aling rehiyon ang maituturing na may pinakakaunting mahirap na pamilya noong 2003?
   A. NCR.
   B. Region II.
   C. Region X.
   D. Region V.

9. Kung ang iyong kinikita sa loob ng isang taon ay P10,000, saang rehiyon ka hindi maituturing na mahirap?
   A. CAR.
   B. Region IX.
   C. CARAGA.
   D. ARMM.

10. Saang rehiyon ang pinakamahal manirahan para sa isang mahirap?
   A. ARMM.
   B. CAR.
   C. NCR.
   D. CARAGA.

11. Aling mga rehiyon ang dapat na binibigyang prayoridad sa mga programang pangkaunlaran?
   A. CALABARZON, MIMAROPA, NCR, CAR.
   B. CAR, ARMM, CARAGA, NCR.
   C. REGION I,II,III, ARMM.
   D. REGION V, REGION IX, ARMM, CARAGA.

12. Aling rehiyon ang nagpakita ng pag-unlad sa 2003 kumpara sa 1997?
   A. Region II.
   B. Region VII.
   C. Region XII.
   D. ARMM.

II. Basahin ang mga sumusunod. Isulat ang **T** kung tama ang pangungusap at **M** kung Mali ito.

13. Ang *Millenium Development Goals* ay nagpapakita ng prinsipyo ng *Growth-Oriented Development Model.*

14. Ang layunin ng 10-Point Legacy ni Pangulong Macapagal-Arroyo ay ang modernisasyon ng ating bansa.

15. Ang kahirapan ang pinakamasidhing suliranin ng ating bansa.

16. Makatarungan ang pagbabahagi ng yaman sa Pilipinas.

17. Kumbinasyon ng *Growth-Oriented Model* at *Sustainable Development Model* ang MTPDP ng pamahalaan.

18. Ang pagsuporta sa mga malalaking kumpanya at negosyante ang bibigyang diin ng kasalukuyang MTPDP.

19. Ang kawalan ng mga sakit na HIV/AIDS, malaria, at tuberculosis ay isang paraan ng pagpapakita ng kaunlaran ng isang bansa.

20. Ang pag-unlad ng mga bansa ay isang pandaigdigang isyu.




## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

I. Unang Bahagi

1. D
2. A
3. C
4. A
5. C
6. B
7. B
8. C
9. D
10. A

II. Ikalawang Bahagi

| PROGRAMANG PANGKAUNLARAN | GROWTH-ORIENTED DEVELOPMENT | SUSTAINABLE DEVELOPMENT |
|---|---|---|
| 1. Paglikha ng 6 hanggang 10 milyong trabaho sa pamamagitan ng pagpapautang sa mga maliliit na negosyante at pagtatalaga ng 2 milyong hektaryang lupa para sa mga negosyong pang-agrikultural | X | |

| | | |
|---|---|---|
| 2. Edukasyon para sa lahat sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga paaralan, pagpapagawa ng silid-aralan, libreng pagpapaaral sa mga mahihirap na estudyante, at pagkakaroon ng aklat at kompyuter. | | **X** |
| 3. Pagbabalanse sa pambansang badyet upang maiwasan ang sobrang gastusin. | **X** | |
| 4. Pagpapaunlad sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng transportasyon na magkakabit-kabit sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas | **X** | |
| 5. Paghahatid ng elektrisidad at tubig sa bawat barangay ng bansa | | **X** |
| 6. Pagbabawas ng kasikipan sa Metro Manila sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga ahensiya ng pamahalaan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at pagpapatayo ng mga pabahay sa labas ng Metro Manila | | **X** |
| 7. Modernisasyon ng Clark at Subic bilang sentro ng Asya | **X** | |
| 8. Ang paggamit ng makina at awtomasyon ng botohan | | **X** |
| 9. Pagpapatibay ng kasunduang | | |

| | | |
|---|---|---|
| pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at mga rebeldeng grupo | | **X** |
| 10. Pagpapahilom ng sugat na dulot ng hidwaan ng EDSA 1 at EDSA 2. | | **X** |

**ARALIN 1 MGA SULIRANIN SA PAG-UNLAD NG PILIPINAS**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Ayon sa mga datos, ito ang mga konklusyon:

Tsart A. Tumataas ang growth rate ng Pilipinas.

Tsart B. Tumataas ang growth rate ng Pilipinas. Hindi gaanong lumaki ang ekonomiya ng sukatin ang GNP kumpara sa GDP

Tsart C. Mas malaki ang export kaysa import ng 2004 kung ikukumpara sa 2003 na mayroong balance of trade deficit

Tsart D. Lumalaki ang utang ng pamahalaan sa kabila na tayo ay nagbabayad ng utang

Tsart E. Bumababa ang halaga ng piso at tumataas ang halaga ng mga bilihin.

Tsart F. Dumarami ang walang trabaho.

Tsart G. May kaunting pagbaba sa growth rate ng populasyon ng Pilipinas.

Tsart H. Mas mahaba ang buhay ng mga babae kaysa mga lalake.

Tsart I. Bumababa ang dami ng mga batang bagong panganak na namamatay.

Tsart J. Tumataas ang bilang ng marunong bumasa at sumulat ngunit marami sa mga nagtapos ng elementarya ang hindi na nagpapatuloy sa sekondarya.

Tsart K. Mas maraming tao ang mahirap ng taong 2003 kaysa noong 2000.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang mga sumusunod na hanay ng dahilan ay mungkahing sagot lamang. Maaring may iba ka pang maitala. Isangguni sa gurong tagapatnubay ang karagdagang sagot.

| SULIRANIN | DAHILAN |
|---|---|
| 1. Pagtulong na pagdanas ng kahirapan ng nakakaraming Pilipino. | 1. Kakulangan sa trabaho. |
| 2. Kakapusan ng pondo ng pamahalaan. | 2. Lumalaking utang sa mga dayuhang bangko at korapsyon sa pamahalaan. |
| 3. Lumalaking puwang sa pagitan ng mahihirap at mayayaman. | 3. Di pantay na distribusyon ng yaman ng bansa. |
| 4. Kakulangan sa edukasyon at kasanayan ng mga yamang-tao. | 4. Mataas na bilang ng mga bata ang hindi nag-aaral. |
| 5. Hindi magandang kalagayang pangkalusugan ng mga mamamayan. | 5. Tumataas na presyo ng bilihin gaya ng pagkain at gamot. |

**Gawain 3: Paglalapat**

Isangguni sa gurong tagapatnubay ang iyong sagot.

**ARALIN 2 MGA PROGRAMA SA PAG-UNLAD NG PILIPINAS**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

| PROGRAMANG PANGKAUNLARAN | SULIRANING TINUTUGUNAN |
|---|---|
| 1. Paglikha ng 6 hanggang 10 milyong trabaho sa pamamagitan ng pagpapautang sa mga maliliit na negosyante at pagtatalaga ng 2 milyong hektaryang lupa para sa mga negosyong pang-agrikultural | 1. kawalan ng trabaho at kahirapan |
| 2. Edukasyon para sa lahat sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga paaralan pagpapagawa ng paaralan, silid-aralan, libreng pagpapaaral sa mga mahihirap ngunit matalinong estudyante, at pagkakaroon ng aklat at kompyuter. | 2. *Illiteracy* / kamangmaangan |
| 3. Pagbabalanse sa pambansang badyet upang maiwasan ang sobrang gastusin. | 3. *Fiscal deficit* |
| 4. Pagpapaunlad sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng transportasyon na magkakabit-kabit sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas | 4. Kawalan ng pag-unlad sa labas ng Metro Manila at konsentrasyon ng pag-unlad sa Metro Manila |
| 5. Paghahatid ng elektrisidad at tubig sa bawat barangay ng bansa | 5. Kawalan ng payak na serbisyo tulad ng elektrisidad at tubig |
| 6. Pagbabawas ng kasikipan sa Metro Manila sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga ahensiya ng pamahalaan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas at pagpapatayo ng mga | 6. Sentralisasyon sa Metro Manila ng mga serbisyong pampamahalaan at kawalan ng kaukulang pansin sa ibang bahagi ng bansa |

| | |
|---|---|
| pabahay sa labas ng Metro Manila | |
| 7. Modernisasyon ng Clark at Subic bilang sentro ng Asya | 7. Kakulangan ng mamumuhunan |
| 8. Ang paggamit ng makina at awtomasyon ng botohan | 8. Hindi malinis at hindi episyenteng eleksyon |
| 9. Pagpapatibay ng kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at mga rebeldeng grupo | 9. Rebelyon at kawalan ng kapayapaan |
| 10. Pagpapahilom ng sugat na dulot ng hidwaan ng EDSA 1, EDSA 2, at EDSA 3. | 10. Pagkakahati ng lipunan |

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

| GROWTH-ORIENTED DEVELOPMENT | SUSTAINABLE DEVELOPMENT |
|---|---|
| 1. Paglago ng ekonomiya at paglikha ng trabaho | 1. Pagkakaroon ng katarungang panlipunan at mga payak na kailangan |
| 2. Pagsiguro at pagiging episyente ng enerhiyang kakailanganin | 2. Pagkakaroon ng edukasyon at oportunidad para sa mga kabataan |
| 3. Makalikha ng 10 milyong trabaho | 3. Paglaban sa korapsyon at pagkakaroon ng integridad sa mabuting pamamahala |
| 4. Triplehin ang pautang sa mga maliit na negosyante | 4. Pababain ng 50% ang halaga ng mga gamot na madalas gamitin upang mapanatili ang kalusugan ng bawat tao |
| 5. Magkaroon ng paglago ng 7% o higit sa loob ng anim na taon | 5. Ibaba ang dami ng mahirap mula 34% upang maging 17% na lamang o mas mababa pa |
| 6. Palakihin ang investment mula 19% ng GDP upang maging 28% ng | |

| | |
|---|---|
| GDP sa loob ng 2 taon. | |
| 7. Pataasin ang export mula $38 bilyon na maging $50 bilyon sa loob ng 2 taon. | |
| 8. Paunlarin ang 2 milyong hektaryang lupa para sa agri-business | |
| 9. Tulungan ang 3 milyong maliit na negosyante | |

**Gawain 3: Paglalapat**

Isangguni sa gurong tagapatnubay ang iyong sagot.

**ARALIN 3 ANG PANDAIGDIGANG PROGRAMA SA PAG-UNLAD**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Mas mababa ang kita ng Pilipino kung ikukumpara sa mga bansa sa Asya. Mas malaki ang informal na ekonomiya ng bansa kung ikukumpara sa Asya.
2. Mas maraming burukrasya sa Pilipinas bago makapagbukas ng negosyo.
3. Mas mahirap tumanggap at magtanggal ng empleyado sa Pilipinas.
4. Isa ang Pilipinas sa mga tiwaling bansa.
5. Hindi gaanong mataas ang naabot ng Pilipinas na Human Development Index (HDI) ranking.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Bumababa ang porsyento ng mahirap sa Pilipinas.
2. Bumababa ang dami ng batang kulang sa timbang.
3. Maraming bata ang hindi nakakatapos ng elementarya.
4. Bumababa ang ating literacy rate. Mas maraming babae ang marunong bumasa at sumulat.

5. Kulang sa 50% ang babaeng empleyado sa non-agricultural sector.
6. Bumababa ang dami ng batang edad lima pababa ang namamatay.
7. Bumababa ang mga batang bagong panganak na namamatay.
8. Bumababa ang dami ng mga babaeng namamatay sa panganganak.
9. Hndi gaanong tumataas ang dami ng panganganak na may sapat na tulong.
10. Mababa lamang ang dami ng gumagamit ng condom.
11. 50% ng mga namamatay ay sanhi ng malaria at tuberculosis. Bumababa ang bilang nito.
12. Walang 50% porsyento ng ating lupa ang balot ng kabundukan.
13. Bumababa ang paggamit natin ng CFC (chlorofluorocarbon).
14. Tumataas ang porsyento ng kita sa export ang ipinambabayad sa utang.

**Gawain 3: Paglalapat**

Isangguni sa gurong tagapatnubay ang iyong sagot.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

1. B
2. C
3. A
4. C
5. A
6. B
7. D
8. A
9. B
10. C
11. D
12. C
13. M
14. M
15. T
16. M
17. T
18. M
19. T
20. T